LIGHT READING: customer newsletter mula sa Seattle City Light
Marso-Abril 2016

Mainam kapag green

Suportahan ang renewable energy tulad ng geothermal, dairy biogas at enerhiya mula sa hangin sa pamamagitan ng pagsali sa programang Green Up! ng City Light. Magdagdag lang ng $3, $6 o $12 sa iyong bill bawat buwan. Mag-sign up sa seattle.gov/greenup o tumawag sa (206) 684-3800.

I-recycle ang luma mong refrigerator at makakuha ng $30

Kung mayroon kang refrigerator na ginawa bago ang taong 2001, maaaring maging kwalipikado ka na kunin namin ito nang libre. Ire-recycle ito sa maayos na paraan at makakakuha ka ng $30. Alamin ang higit pa sa seattle.gov/oldfridge o tumawag sa (206) 233-2653.

May mga tanong?

Mayroon ka bang tanong tungkol sa pagtitipid ng enerhiya o sa aming mga programa ng renewable energy? Tumawag sa isang Tagapayo ng Enerhiya ng Seattle City Light sa (206) 684-3800 o mag-email sa SCLEnergyadvisor@seattle.gov.

Makatipid ng pera sa mga de-kuryenteng produkto

Ang City Light ay nag-aalok ng mga rebate, diskwento sa tindahan at iba pang mga insentibo upang makatulong sa iyong mag-upgrade sa mga produktong mas tipid sa kuryente, kung saan makakatipid ka ng pera at kuryente. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano susulitin ang mga alok na ito, bisitahin ang seattle.gov/light/myhome.

Tip sa kaligtasan mula sa field

"Habang nagiging mas mainit ang panahon, marami sa atin ang gustong lumabas ng bahay. Bago ka lumabas at magtanim sa hardin o magkumpuni, mangyaring mag-ingat sa mga overhead na linya ng kuryente na maaaring malapit sa iyong bahay. Tukuyin at lumayo sa mga linya ng kuryente."

-Paul Roach, City Light equipment service

Nagtatrabaho ang City Light
Ang mga crew ay nasa mga kapitbahayang ito at nagtatrabaho upang makapagbigay ng maaasahang serbisyo:
-Holly Park: nag-a-upgrade ng mga street light;
-Elliott Bay: nagsasaayos ng mga serbisyo sa ilalim ng lupa bilang suporta sa proyektong seawall;
-Blue Ridge: nag-i-install ng mga tubo at vault sa ilalim ng lupa para sa proyektong pag-upgrade ng electric-cable;
-Laurelhurst: nag-a-upgrade ng electrical cable at mga transformer sa south central Laurelhurst;
-South Lake Union/Denny Triangle: nag-i-install ng mga vault at duct bank sa ilalim ng lupa para sa bagong Denny Substation;
-Yesler Way/5th Avenue South: inilalagay sa ilalim ng lupa ang mga linya ng kuryente bilang paghahanda para sa rehabilitasyon ng Yesler Way Bridge;
-Iba't ibang lokasyon sa Seattle at Burien: nagpapalit ng mga poste upang mapanatili ang pagiging maaasahan.
Ang listahang ito ay hindi kumpleto. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork/ at mag-click sa orange na cone.

Impormasyon ng City Light
700 Fifth Avenue, Suite 2822
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
www.facebook.com/SeattleCityLight
www.twitter.com/SeaCityLight
May mga tanong, komento o suhestyon?
Tumawag sa (206) 684-3000